

Short Paper

# 'YOU WON': Deskriptibong Pag-aaral sa Estrukturang Pag-aaral ng Scam Text Messages

Jucille Kate B. Delos Santos

Philippine Science High School Southern Mindanao Campus, Philippines

Hilnea Beatriz A. Napoles

Philippine Science High School Southern Mindanao Campus, Philippines

Denzelle Andre C. Lozada

Philippine Science High School Southern Mindanao Campus, Philippines

Julian Marcus S. Ong

Philippine Science High School Southern Mindanao Campus, Philippines

Antoine Miguel D. Flores

Philippine Science High School Southern Mindanao Campus, Philippines

Johnel T. Lumacao

Filipino Unit, Philippine Science High School Southern Mindanao Campus, Philippines

[johnel.lumacao@smc.pshs.edu.ph](mailto:johnel.lumacao@smc.pshs.edu.ph)

(corresponding author)

*Date received:* October 13, 2023

*Date received in revised form:* January 30, 2024; February 9, 2024

*Date accepted:* February 19, 2024

Recommended citation:

Delos Santos, J. K., Napoles, H. B., Lozada, D. A., Ong, J. M., Flores, A. M. & Lumacao, J. (2024). 'You Won': Deskriptibong Pag-aaral sa Estrukturang Pag-aaral ng Scam Text Messages. *Puissant*, 5, 2088-2113.

## Abstrak

Ang pananaliksik ay naglalayong matukoy ang estrukturang panggramatika ng mga text scam sa wikang Ingles, na karaniwang umiiral sa kasalukuyang panahon dahil sa mga pag-unlad sa teknolohiya. Bagamat ang nakatuon sa mga aspeto ng sikolohiya ng mga scam, may limitadong pansin na ibinibigay sa estrukturang panggramatika ng mga text scam. Layunin ng pag-aaral na (1) matukoy ang mga grammatical error sa mga text



scam, (2) ihambing ang mga ito sa mga lehitimong teksto, (3) suriin ang mga pagkakaiba sa iba't ibang cluster ng mga respondent, at (4) alamin ang mga teknikang panghihikayat na ginagamit sa mga text scam. Gamit ang isang disenyo ng kwalitatibong anyo at deskriptibong pagsusuri, nakuha ang 30 text scam mula sa mga mag-aaral, propesyonal, at negosyante, kasama ang 10 lehitimong teksto. Natuklasan na may mga karaniwang grammatical error sa mga text scam, tulad ng pagpapalit ng simbolo, kapitalisasyon, maling paggamit ng bantas, sirang mga link, at komposisyon ng pangungusap. Mas maikli ang mga text scam at naglalaman ng mga salitang espesipiko sa bawat cluster, na may kadalasang paggamit ng mga prepositions, determiners, at conjunctions sa mga lehitimong teksto. Gumagamit ang mga scammers ng mga teknikang panghihikayat tulad ng pangakong salapi, diskwento, libreng mga bagay, oportunidad sa pamumuhunan, at hinihingi ang agarang tugon. Ang estruktura ng mga pangungusap ng mga text scam sa iba't ibang cluster ay magkakatulad ngunit may malaking pagkakaiba sa mga lehitimong teksto, na nagpapahiwatig ng mga hindi magkatugma na gramatikalidad. Pinapalalim ng pag-aaral ang kahalagahan ng pag-unawa sa mga pattern ng wika sa mga text scam upang masugpo nang epektibo ang mga mapanlinlang na gawain.

## **ABSTRACT**

The research aims to identify the grammatical structure of text scams in the English language, which are commonly prevalent in today's era due to technological advancements. While attention is focused on the psychological aspects of scams, limited attention is given to the grammatical structure of text scams. The study aims to (1) identify grammatical errors in text scams, (2) compare them with legitimate texts, (3) examine differences in various respondent clusters, and (4) determine the persuasive techniques used in text scams. Using a qualitative and descriptive analysis design, 30 text scams were obtained from students, professionals, and businessmen, along with 10 legitimate texts. It was discovered that there are common grammatical errors in text scams, such as symbol substitution, capitalization, incorrect use of punctuation, broken links, and sentence composition. Text scams are shorter and contain specific words in each cluster, often using prepositions, determiners, and conjunctions in legitimate texts. Scammers use persuasive techniques such as promises of money, discounts, free items, investment opportunities, and requesting immediate responses. While the sentence structure of text scams in different clusters is similar, there are significant differences from legitimate texts, indicating inconsistent grammaticality. The study emphasizes the importance of understanding language patterns in text scams to effectively combat deceptive practices.

*Keywords* – scam text, grammatical error

---

## INTRODUKSYON

Lubusan ang paglawak ng impluwensya ng teknolohiya sa pamumuhay ng tao sa kasalukuyang panahon. Patuloy nitong binabago ang takbo ng mundo sa pamamagitan ng paglinang ng mga umiiral na proseso, teknik, metodo, at produkto sa iba't ibang disiplina. Kaya naman hindi mapasusubaliang labis na pinakikinabangan ng publiko ang mga likha ng teknolohiya dahil sa mabuting dulot nito.

Kabilang sa mga bunga ng paglaganap ng teknolohiya ang portable gadgets — lalong-lalo na ang smartphone na kasalukuyang ginagamit ng nakararami sa lipunan. Sa isang pag-aaral na isinagawa ng Telenor, isang telecommunications company na nakabase sa Norway, natagpuang Pilipinas ang nangunguna sa Asya sa phone dependency (Cutaran, 2022). Bagaman mas mataas kaysa sa ibang bansa, hindi ito kataka-taka; tutok sa kanilang gadgets ang mga tao sa kasalukuyang panahon sapagkat walang imposible sa ilang klik sa smartphone. Kaya naman bukod sa pakinabang nito, maaari rin itong maging pugad ng krimen. Bilang isang plataporma kung saan maaaring iugnay ang datos ng isang software application o app sa iba pang app, madali na lamang makakuha ng personal na impormasyon tulad ng mobile number at email address ng isang indibidwal o grupo sa pamamagitan ng pag-hack ng sistema ng apps. Patunay nito ang matagal nang problema ng smartphone users na scam text messages na natatanggap nila sa kanilang mobile number na naglalaman ng personal na datos o hindi makatotohanang impormasyon (Santoso, 2022).

Isang mapanlinlang at mapagsamantalang gawain ang scam kung saan nambibiktima ng isang partikular na tao o grupo ang mga kinikilalang scammers upang may mahitang pera, kagamitan, o personal na impormasyon na maaaring gamitin laban sa biktima kalaunan (Latimer, 2017). Ilan sa mga halimbawa nito ang alok ng trabaho o loans, pagkapanalo sa lotto na hindi naman tinayaan, paghingi ng personal na impormasyon tulad ng detalye ng bank account, paghingi ng bayad para sa produkto o serbisyong hindi kinuha (Federal Trade Commission, 2022). Mula ito sa mga hindi kilalang mobile number na kadalasang nagpapakilalang empleyado ng lehitimong kompanya, bangko, o ahensya ng gobyerno (Bangko Sentral ng Pilipinas, n.d.). Sa katunayan, lumubo ang kaso ng scams noong COVID-19 lockdown. Ayon sa ulat ni de Vera (2022), mahigit 42,456 na reklamo ng scam text messages ang natanggap ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) noong 2020 at 2021 habang 6,445 naman ang naiulat na scam messages sa Pilipinas noong 2019 (Scam Statistics | Scamwatch, n.d.).

Para sa karamihan, hindi na bago ang makatanggap ng iilang halatang scam text message kaya hindi na nila ito binibigyang-pansin. Gramatika, antas, at estruktura ang batayan nila sa pagtukoy ng scam sapagkat kadalasang mali-mali ang paggamit nito. Kaya naman nababawasan ng kredibilidad at nagtutunog kahina-hinala ang isang text kapag hindi ito kakikitaan ng pormalidad na mayroon sa text messages ng mga lehitimong institusyon. Maituturing na lehitimo ang texts na mga ito sapagkat mula ito sa mga kilala at respetadong ahensya na may malinis na track record kaya masasabing may tunay na pakay ang texts na kanilang pinapadala. May nakatalagang empleyado na nagsusulat ng

texts na mga ito kaya nasisiguradong pormal ang nilalaman at wasto ang estrukturang panggramatika nito. Kaugnay nito, matutukoy kung pormal ang tono ng isang text message kung wala itong kolokyal na mga termino, contractions, at mga panghalip sa unang panauhan (Touro University, 2022). Subalit may ilang tao pa ring nabibiktima at naaakit sa mga alok nito. Binubuksan nila ang links o sinusunod ang nakasaad sa scam text messages, walang kamalay-malay na scam ito o nagbabakasakaling makaahon sa tulong nito. Maaaring wala silang kamalayan sa scam text messages o hindi nila matukoy kung alin ang scam at hindi. Gayunpaman, may metikulosong scammers na iniiba ang kanilang diskarte batay sa kanilang target kaya nagiging mahirap ang pagtukoy ng scams. Nagiging kapani-paniwala rin ang scams kapag napapanahon ito kaya sumusunod ang scammers sa uso. Kaya bata man o matanda, mayaman man o kapos, at edukado man o hindi, walang pinipili ang scammers sa pambibiktima ng scam text messages (Schaper & Weber, 2012).

Sa kasalukuyan, walang malinaw at mabisang batayan sa pagtukoy ng scams na siyang nagiging hadlang sa pagsugpo nito. Limitado ang mga pag-aaral sa pagtukoy ng scam text messages lalo na ang pagsuri sa estrukturang panggramatika nito. Nagiging problema ang patuloy na pagiging komplikado ng makabagong scams. Nagagawang paniwalaan ng mga biktima ang mga ito sapagkat kadalasang naaayon ito sa kanilang sitwasyon. Kaya naman labis na kinakailangan ang isang pamantayan sa pagtukoy at pagsuri ng estrukturang panggramatika ng scams. Nilalayan ng pananaliksik na punan ang pagkukulang na ito sa pagtukoy ng scams.

Sa papel na ito, susuriin ang estrukturang panggramatika ng scam text messages upang makatulong sa pagtukoy ng scams na patuloy pa ring nambibiktima ng mamamayan. Ihahambing din nito ang estrukturang panggramatika ng scam text messages na natatanggap ng mga indibidwal na nabibilang sa sumusunod na kategorya: mga mag-aaral sa sekondaryang paaralan, propesyonal, at negosyante. Lalo pang mapagtitibay ang pagsusuri sa pananaliksik sapagkat ihahambing ang makokolektang kahina-hinalang text messages, na maaaring may kamalian sa gramatika, baybay, at paggamit ng bantas, sa text messages na mula sa mga lehitimong ahensya tulad ng Gcash, Foodpanda, Shopee, at PCSO. Kabilang din dito ang mga bangko, payment service applications, shopping sites, at mga ahensya ng gobyerno.

Maaaring maging batayan o standard ang resulta ng pananaliksik sa pagtukoy ng scams sa text messages. Kaya naman mababawasan ang mga kaso ng scams ng hindi lang sa Pilipinas ngunit pati na rin sa iba pang bahagi ng mundo na umaasa sa smartphones bilang midyum ng komunikasyon at transaksyon.

Nilalayan ng pananaliksik na matukoy ang estrukturang panggramatika ng scam text messages. Sa partikular, una, maihambing ang estrukturang panggramatika ng texts messages mula sa mga lehitimong ahensya tulad ng telecommunication companies, mga bangko, at ahensya ng gobyerno sa scam text messages na natatanggap ng mga (1) mag-aaral sa sekondaryang paaralan, (2) propesyonal, at (3) negosyante. Ikalawa, matukoy

ang mga kamalian sa estrukturang panggramatika ng scam text messages. Ikatlo, matukoy ang paraan ng panghihikayat ng scam text messages batay sa teknik na ginamit sa estrukturang panggramatika nito.

## **MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL**

### ***Kasaysayan ng Scams***

Sa pag-unlad ng teknolohiya at komunikasyon, lumaganap ang scams sa mga digital na midyum, tulad ng email at internet. Sa huling bahagi ng ika-20 na siglo, kumalat ang Nigerian letter scam kung saan may isang scammer na nagpanggap bilang isang mayaman na negosyante mula sa Nigeria at humihingi ng tulong sa pagdala ng pera palabas ng bansa (Ojo, 2011). Sa panahon ng social media, ginagamit ng mga scammer ang mga profile at endorsement upang malinlang ang kanilang biktima. Nagagawa silang pagkatiwalaan kapag may ibang taong sumusuporta sa kanilang kredibilidad. Tumaas din ang bilang ng scams sa panahon ng COVID-19 pandemic sapagkat naging mas desperado ang mga tao na mawala ang virus kaya maaaring kumagat sila sa mga alok tungkol dito; halimbawa nito ang pagbebenta ng lunas ng nasabing sakit (Federal Trade Commission, 2020).

Sa kasalukuyan, patuloy na tinutugis ng telecommunication companies tulad ng Globe at Smart ang mga nasa likod ng scam texts sa tulong ng gobyerno. Mahigit isang bilyon ang nagastos ng Globe sa pagharang ng scam at spam messages na pinadala mula sa Pilipinas mismo at maging sa ibang bansa. Mula Enero hanggang Hulyo 2022, 784 na milyong scam at spam messages ang hinarang ng Globe habang 14,058 SIM cards na may kaugnayan sa scams naman ang na-deactivate. Binilin din ng National Telecommunications Commission (NTC) sa telecommunication companies na magbigay babala sa kanilang kliyente tungkol sa scam texts na naglalaman ng kanilang personal na impormasyon tulad ng pangalan at address. Tumaas umano ang kaso ng scams sa kasagsagan ng COVID-19 lockdown at pumapatungkol ito sa mga pekeng trabaho, pangako ng premyong pera, o iba pang pinansyal na scams na ginagamit upang makuha ang personal na impormasyon ng biktima (Philippine News Agency, 2022).

### ***Scams***

Scams ay nagiging malawak sa ating lipunan dahil sa kanilang mahirap na pagtukoy at paghabol sa mga taong sangkot, bukod pa sa kanilang pagkakaiba sa "fraud" na nilalarawan ng Civil Code ng Pilipinas (Artikulo 1338). Ang fraud ay kung saan ginagamit ang mga mapanlinlang na salita o pakana upang linlangin ang isang tao na sumang-ayon sa isang alok o gawain na hindi nila pahihintulutan kung hindi dahil sa pagmamaneobra ng scammer. Ang parusa para rito ay nakabase sa kalikasan ng krimen, maaaring ito ay pagkakabilanggo o multa. Sa kabila ng ito, patuloy ang pang-aabuso ng mga scammers (Fischer et al., 2013).

Sa isang pag-aaral ni Fischer et al. (2013), napuna na ang mga tao ay madaling mabiktima ng scam messages dahil sa iba't ibang dahilan. Una, ang mga napakagandang alok tulad ng malaking halaga ng pera o lunas sa mga malubhang sakit ay nakapagpapakumbinsi sa mga tao na sumang-ayon sa mga ito. Ito ay kadalasang hindi naisasaliksik ng mga tao ang tunay na kalagayan ng mga ito at maaaring maging biktima ng panloloko (Taiwo, 2017). Ang pangalawa ay ang personal na koneksyon na binubuo ng scammer sa biktima, na nagbibigay-daan sa pagtiwala at mas madaling paglipana ng panloloko. Ang pangatlo ay ang kapani-paniwalang mensahe na may kaugnayan sa mga napapanahong isyu, tulad ng pandemya ng COVID-19, na nagpapalabas ng mga impormasyon at alok na maaaring maging mapanlinlang (Kikerpill & Siibak, 2021). Ang panghuli ay ang pagsusulong ng scammers sa biktima na sundin ang kanilang mga bilin sa pamamagitan ng mga limitadong pagkakataon na magiging available lamang sa loob ng maikling panahon (Naksawat et al., 2016).

Maraming mga paraan kung paano nambibiktima ang mga scammers, at mahalaga ang pag-unawa sa mga ito upang matukoy ang mga indibidwal na nanganganib na maging biktima. Ang mga pag-aaral sa mga estratehiya ng mga scammers, tulad ng pag-aaral ni Stabek et al. (2010), ay nagpapakita ng iba't ibang uri ng panloloko na maaaring mangyari, kasama ang pag-singil ng bayad, pakikipag-simpatiya, at pagnanakaw ng impormasyon. Ang pagkakaiba-iba ng mga scam na natatanggap ng mga indibidwal, tulad ng mga negosyante at mag-aaral, ay naipakita sa mga pananaliksik tulad ng ginawa nina Schaper at Weber (2012) at Senthilkumar at Easwaramoorthyr (2017).

Ang kasalukuyang pag-aaral ay tumutukoy sa kabuuang epekto ng estrukturang panggramatika ng mga scam texts, na sumasaklaw sa haba, pangunahing mga salita, uri at estruktura ng mga pangungusap, at kabuuang komposisyon ng mga teksto. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga ito, mas maiintindihan ang paraan kung paano nambibiktima ang mga scammers at mas magiging handa ang publiko laban sa mga ito.

### ***Mga Pag-aaral sa Gramatika***

Mayroong dalawang metodo sa gramatika tungo sa pag-aaral ng wika: (1) descriptive grammar at (2) prescriptive grammar. Tumutukoy ang descriptive grammar sa pag-aaral ng mga estruktura at patakaran na sinusunod ng wika na ginagamit sa pang-araw-araw. Tinutukoy naman ng prescriptive grammar kung paano dapat gamitin ang gramatika ng isang wika o ang wastong paggamit nito.

Isang sangay ng linggwistika ang descriptive grammar na tumutukoy sa estrukturang panggramatika ng isang wikang ginagamit ng mga katutubo. Nakatutok ito sa aktwal na paggamit ng isang wika, sa halip ng mga batas na itinatag nito. Isa sa mga pangunahing layunin nito ang pagsusuri ng mga bahagi ng pananalita, tulad ng mga pangngalan, pandiwa, at pang-uri, at ang mga tuntunin sa pagbuo ng pangungusap. Kabilang dito ang ponolohiya na tumutukoy sa bigkas ng mga salita, at morpolohiya na

tumutukoy sa estruktura ng mga salita. May kaibahan ang descriptive grammar sa prescriptive grammar; nakapokus ang huli sa mga kumbensyon ng isang wika, katulad ng tamang paggamit ng tenses (katulad ng past, present, at future tenses), at pagkakaayos ng mga pangungusap (The University of North Carolina at Chapel Hill, n.d.).

Si Noam Chomsky ang isa sa mga pinakamalaking impluwensya sa descriptive grammar mula 1950s hanggang 1960s dahil sa kanyang generative grammar theory, na nagsasaad na may universal grammar ang lahat ng wika.

Ginagamit ang descriptive grammar at prescriptive grammar sa pagtuturo ng isang wika. Natututunan ang wika sa pamamagitan ng pag-unawa ng estruktura at lohika nito kaya masasabing ang dalawang ito ang pinag-aaralan sapagkat tinuturo nito kung paano magamit nang wasto ang isang wika. Dagdag pa, mahalaga ang mga ito sa pagtuklas ng mga pagbabago sa isang wika na isang mahalagang disiplina sa linggwistika. Pinag-aaralan ng mga linggwistika kung paano umuunlad ang wika at paano ito magbabago sa hinaharap; mahalaga ito sapagkat sinasalamina nito ang takbo ng mundo sa isang partikular na kapanahunan.

Sa pananaliksik na ito, gagamitin ang descriptive grammar at prescriptive grammar sa pagtukoy kung paano ginagamit ang mga salita sa scam text messages at paano inaayos ang mga salitang ito upang makabuo ng pangungusap na naglalahad ng mensahe at pakay.

### ***Estrukturang Panggramatika ng Scam Text Messages***

Gamit ang mga metodo sa linguistics, sinuri ng mga kaugnay na pag-aaral ang estruktura ng scam text messages. Sa pamamagitan ng mga ito, nakikita ang iba't ibang bahagi at anyo ng scam texts pati na rin ang mga teknik ng scammers sa panlilinlang at panghihikayat ng kanilang biktima. Kasama ring natutukoy ang karaniwang pagkakaayos ng scam texts. Sa kabuuan, sinuri ng mga pananaliksik na ito ang estruktura ng scam texts upang makatulong sa pagtuklas at pagtukoy ng scams.

Ginamit nina Mbaziira & Jones (2016) ang prosesong psycholinguistics (PL); ito ang pagsusuri ng sikolohikal na aspekto ng wika upang matukoy ang relasyon ng sikolohiya at linggwistika na nagbibigay-kahulugan sa mga aksyon at estratehiya ng tao, tulad ng korelasyon ng dami ng salita at pagiging madaldal sa pakay ng mensahe. Natuklasan nilang sinasanay ng scammers na maging madaldal at bihasa sa pagsasalita upang hindi mahalata ang scam sa mga mensahe. Hindi nila masyadong nilalagay sa unang panauhan ang kanilang ginagamit na panghalip, tulad ng I, me, at mine, upang maiwasang managot sa mga sinasabi. Kaya naman gumagamit sila ng mga salitang but, without, at exclude na nagpapalabo sa tunay na pakay ng mensahe. Gamit naman ang computational linguistics (CL), o ang paggamit ng mga teknik sa computer science sa pagsusuri ng teksto tulad ng algorithms at statistical models, napag-alaman nilang naglalaman ng maraming leksikon ang mga scam messages. Kakikitaan ito ng maraming pandiwa at pang-abay subalit mga

karaniwang salita lamang ang ginagamit at bihira ang mga hindi pamilyar na salita. Bukod pa rito, hindi masyado binabanggit ng mga scammers ang sarili upang hindi mapaghinalaan. Sa kabuuan, maikli lamang ang scam texts maging ang mga pangungusap na bumubuo nito at bihira rin ang paggamit ng mga bantas.

Sa isang pag-aaral nina Tausczik at Pennebaker (2010), tinalakay nila kung paano makukuha ang sikolohikal na kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng Linguistic Inquiry and Word Count (LIWC) at text analysis gamit ang kompyuter. Kinukuha ng application na ito ang porsyento ng mga salita sa isang teksto na nahuhulog sa mga categoryang sikolohikal at topikal na nagsasaad ng iba't ibang prosesong social, cognitive, at affective. Ayon sa kanila, may dalawang pangunahing katangian ang LIWC — ang (1) processing at ang (2) diksyunaryo. Ang processing ang nagsusuri sa bawat salita ng teksto samantalang ang diksyunaryo naman ang tumutukoy kung anong bahagi ng pananalita ito at ang gamit ng salita sa pangungusap.

Sa isang artikulong isinulat ni Yap (2016), ipinakita niya kung paano gamitin ang Microsoft Excel sa pagsasagawa ng text analysis. Ayon dito, magagamit ang nasabing app sa pagkuha ng word count, sentence count, at word clouds. Sa pamamagitan nito, malalaman ang tema at kadalasang ginagamit na mga salita sa teksto.

Makikitang ang karaniwang ginagamit na salita at layunin ng scam messages ang pinag-aralan ng karamihan sa mga pananaliksik na nabanggit. Gayunpaman, hindi malalim ang pagsusuri nila sa estrukturang panggramatika nito, kung saan tiningnan lamang ang karaniwang anyo ng mga pangungusap na naglalahad ng paraan ng pagsasagawa ng scams. Malawak din ang saklaw ng kanilang mga sinuring scam, mula sa emails patungo sa mga social networking sites. Hindi ito limitado sa mga scam messages na natanggap sa mobile numbers. Bukod pa rito, mula sa pangkalahatang populasyon o isang partikular na propesyon ang sinuring scams ng mga ito; hindi nito inihambing ang natatanggap na scam messages ng mga taong nabibilang sa iba't ibang larangan ng lipunan.

Kaya naman pupunan ng pananaliksik na ito ang puwang na ito sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-aanalisa sa estrukturang panggramatika ng mga scam sa anyo ng text messages na pinapadala sa mobile numbers ng magiging respondente. Bilang karagdagan, titingnan nito ang kaibahan sa estrukturang panggramatika ng scam text messages na natatanggap ng mga (1) mag-aaral sa sekondarya, (2) negosyante, at (3) propesyonal.

Sa pagsuri ng scam texts na nakuha mula sa tatlong cluster ng respondente, titingnan ang kabuuan ng mga sumusunod sa scam texts ng bawat grupo: (1) sentence pattern, o ang paggamit ng mga modifier sa pangugusap katulad ng panghalip, pandiwa, pang-abay, at pang-uri; (2) sentence structure, payak, tambalan, hugnayan, o langkapan; (3) word count, bilang ng salita na ginamit sa isang teksto; at (4) word frequency, o gaano kadalas inulit ang isang partikular na salita.



Ayon kina Mbaziira & Jones (2016), madalas ginagamit ng mga scammers ang mga pang-uri, pang-abay, at pandiwa upang mas palawakin ang mensaheng pinaparating sa scam at anyayahin ang target na sundin ito. Karaniwang maiksi at hindi gaanong komplikado ang estruktura ng mga sa scam texts. Kaya malalaman gamit ang sentence pattern at sentence structure ng scam texts kung paano ineengganyo ng mga scammer ang bawat cluster ng respondente sa kanilang paggamit ng mga modifier at pagbuo ng pangungusap.

Sa word count at word frequency naman malalaman kung mayroong mga karaniwang salitang ginagamit ang scammers sa pagitan ng tatlong cluster. Dito makikita kung anu-anong salita ang karaniwang ginagamit sa scam texts para kumbinsihin ang kanilang mga biktima. Maihahambing ang bilang ng mga karaniwang salitang ginagamit sa scam texts ng bawat cluster sa kabuuang bilang ng salita ng bawat scam text; makatutulong ang pagkakatulad at pagkakaiba nito sa pagtukoy ng scams. Kadalasang mga simple o karaniwang salita ang ginagamit sa scam texts; malimit itong kakikitaan ng mga salitang money, free, at win (Mbaziira & Jones, 2016; Benedetto, 2021). Sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga salitang karaniwang lumalabas sa mga scam texts, mas madaling mababasa ang patterns na makikita sa gramatika at estruktura ng mga texts upang matukoy kung scam ito.

Dulot ng kakulangan sa pag-aaral sa disiplinang ito, gagamitin ang mga metodong ito sa pagsuri sa estrukturang panggramatika ng scam texts upang makabuo ng pamantayan sa pagtukoy ng scams. Mailalantad ang mga palatandaan at patterns ng scam sa iba't ibang uri at insidente nito. Maaaring iba ang tungo ng scammers sa iba't ibang grupo ng tao kaya ihahambing ng pananaliksik ang nilalaman ng scam texts na natatanggap ng tatlong cluster. Ihahambing din ito sa texts mula sa mga lehitimong institusyon upang mapagtibay ang pagtukoy sa scams.

## **METODOLOHIYA**

Kwalitatibong disenyo ang ginamit sa kasalukuyang pag-aaral. Ginamit naman ang deskriptibong pamamaraan sa pag-aaral upang masuri ang mga datos na nakalap. Sa partikular, content analysis ang ginamit na paraan ng pag-aanalisa ng datos. Ginawa ito upang matukoy ang estrukturang panggramatika ng scam texts at paraan ng panghihikayat ng scammers upang makatulong sa pagtukoy ng scams at pagsugpo ng krimeng ito.

Scam text messages na natatanggap sa mobile numbers ang pangunahing datos sa pag-aaral na ito; hindi kasali ang texts na pinapadala online tulad ng Messenger chats o emails. Kinuha ang scam texts na ito mula sa mga kakilalang tao ng mananaliksik na nabibilang sa tatlong cluster; (1) mga mag-aaral sa sekondaryang paaralan, (2) mga negosyante, at (3) mga propesyonal. Kumuha ng sampung (10) text messages mula sa bawat cluster at sampung (10) karagdagang text messages naman mula sa mga lehitimong ahensya tulad ng Gcash, BDO, Foodpanda, at Shopee. Ganito ang ayos ng pag-

aaral upang maihambing nang maigi ang estruktura ng scam texts na natatanggap ng mga taong nabibilang sa iba't ibang sektor ng lipunan. Inihambing din ito sa texts ng mga lehitimong ahensya tulad ng mga bangko, payment service apps, online shopping sites, at ahensya ng gobyerno upang lalong matukoy ang kaibahan ng scam texts at lehitimong texts.

Sinuri ang estrukturang panggramatika ng makukuhang text messages sa pamamagitan ng text analysis. Inilagay ang texts sa Microsoft Excel upang makuha ang word count o ang bilang ng salita sa texts, at ang word frequency na makatutukoy sa pinakagamit na mga salita at sa mga pagkakamali sa baybay nito. Gamit ang built-in functions nito tulad ng paghihiwalay ng mga salita sa teksto at paglagay ng bawat salita sa tig-isang cell, naisagawa ang pagsusuri ng datos tulad ng word frequency. Dinaan din ang texts sa sentence diagramming upang masuri ang sentence patterns. Tinukoy ang subject, verb, direct object, indirect object (mga bahagi ng isang pangungusap). Bukod sa sentence pattern, kinuha din ang sentence structure (simple, compound, complex sentence) at sentence type (declarative, interrogative, imperative, exclamative) sa tulong ng diagram.

Ginawang batayan ng pag-aaral ang mga tiyak na pamantayan sa gramatika sa wikang Ingles upang masuri ang estrukturang panggramatika ng scam texts. Ginamit ang “Grammar and Composition” ni Gary Forlini (1990) bilang batayan sa pagtukoy ng mga bahagi ng pangungusap. Naging mas madali ang sentence diagramming sa tulong nito at pagkuha ng sentence structure at sentence pattern.

## **RESULTA**

### ***Estrukturang Panggramatika ng Lehitimong Texts***

Kumuha ng lehitimong texts mula sa tatlong cluster upang maihambing ito sa scam texts at matukoy ang kaibahan ng estrukturang panggramatika nito. Kinokonsidera lamang na lehitimo ang text kapag mula ito sa mga kinikilalang respedatong ahensya na may malinis na track record. Dagdag pa, awtomatikong may sender IDs sa halip na mga numero ang texts na pinapadala ng mga ahensyang ito. Bihira lamang na numero at hindi pangalan ng kompanya ang nasa sender ID ng mga malalaking kompanya sapagkat mas madali silang nakikilala sa pamamagitan nito; nakatutulong ito sa pagsasagawa ng mga transaksyon sa pagitan ng kompanya at pinadalhan ng text. Upang magkaroon ng sender ID ang isang kompanya tulad ng ‘GCash’, ‘Shopee’, at ‘foodpanda’, kinakailangang magsumite ng aplikasyon sa telecommunication companies o service providers tulad ng Smart at Globe. Kaya naman masasabing lehitimo ang mga ahensyang ito sapagkat dumaan sila sa proseso ng beripikasyon ng telecommunication companies kung saan kinakailangan nilang patunayan ang kanilang awtentisidad gamit ang mga opisyal na dokumento na mula sa gobyerno mismo.

Sinuri ang mga texts na pasok sa krayterya at tinukoy ang (1) word count, (2) word frequency, (3) sentence type, (4) sentence pattern, at (5) sentence structure nito. Sa sampung lehitimong texts na nakuha, dalawampu't dalawa (22) hanggang animnapu't tatlong (63) salita ang nakapaloob sa mga ito at 40.2 ang mean word count na nakuha. Prepositions (pang-ukol), determiners, at pronouns (panghalip) naman ang madalas makita sa lehitimong texts. "To", "for", "the", "you", "your" ang limang salitang pinakamadalas makita sa texts. Maraming gamit ang pang-ukol na 'to'; maaaring nagpapahiwatig ito ng isang layunin ('to win'), direksyon ng aksyon ('move it to the right'), o maging lugar na paroroonan ('to Davao') (Ticak, 2023). Ginagamit naman ang 'for' upang magsaad ng rason o layunin para sa isang bagay o tao ('for you to...') (Cambridge Dictionary, 2023). Samantalang nilalagyan ng 'the' bago ang noun o pangngalan upang ipahiwatig na alam ng mambabasa ang konteksto ng nasabing noun ('returning the call') (Butte College, 2023). Nasa ikalawang panauhan ng panghalip naman ang 'you' at 'your' na tumutukoy sa mambabasa o pinadalhan ng text.

Maaaring ganitong anyo ng mga salita ang makikita sa karamihan sa texts sapagkat magkaiba ang nilalaman o mensahe ng mga ito. Mula ito sa iba't ibang institusyon na may nakatalagang empleyado na nagsusulat ng texts na pinapadala sa kanilang mga kliyente; magkaiba ang estilo ng pagkakasulat ng texts at mga salitang ginagamit dito sapagkat samu't-saring tao ang nasa likod nito. Kaya naman sa mga prepositions (pang-ukol), determiners, at pronouns (panghalip) lamang sila nagkakatulad.

Sa apatnapu't dalawang (42) pangungusap mula sa sampung texts, dalawampu't isa (21) rito ang pautos/pakiusap (imperative), sampu (10) ang pasalaysay (declarative), anim (6) ang padamdang (exclamatory), at lima (5) ang patanong (interrogative). Hindi sinali ang interjections tulad ng 'Congratulations!' at 'Awesome!' sa pagtukoy ng estruktura ng pangungusap kaya natagpuang sa apatnapu't isang (41) pangungusap, labinwalo (18) rito ang hugnayan (complex sentences), labinlima (15) ang payak (simple), apat (4) ang fragments o mga hindi buong pangungusap, tatlo (3) ang langkapan (compound-complex), at isa (1) ang tambalan (compound).

## ***Estrukturang Panggramatika ng Scam Text Messages***

### ***Mag-aaral sa Sekondaryang Paaralan***

Sa sampung nakuhang scam text messages mula sa mga mag-aaral sa sekondaryang paaralan, sampu (10) hanggang walumpu't isang (81) salita ang nakapaloob sa mga ito at 25.3 ang nakuhang mean word count. Kung ihahambing sa 40.2 na mean word count ng texts mula sa mga lehitimong ahensya, masasabing mas kaunti ang kabuuang bilang ng salita sa scam texts na natatanggap ng mga respondenteng mag-aaral. Sumasang-ayon ang resultang ito sa pananaliksik nina Mbaziira & Jones (2016) sa computational linguistics (CL), na natagpuang maikli lamang ang scam texts upang mas madaling makaligtan ng mga biktima ang mga panlolokong nakasaad dito.

Sa word frequency naman, “and”, “in”, “now”, “to”, “the” ang limang salitang pinakamadalas na ginamit sa scam texts sa ilalim ng cluster na ito. Ginagamit ang salitang “and” bilang pang-ugnay ng dalawang salita, parirala, o sugnay (Cambridge Dictionary, 2023). Maaaring pinakamadalas ang paggamit nito sapagkat maraming independent clauses (makapag-iisang sugnay) ang inuugnay sa loob ng mga pangungusap ng nakuhang scam texts. Gayunpaman, madalas na may kamalian sa paggamit nito sapagkat hindi nilalagyan ng kuwit pagkatapos ng unang independent clause at bago ang salitang “and”. Katulad sa resulta ng word frequency ng mga lehitimong texts, madalas din ang paggamit ng prepositions (pang-ukol) tulad ng “in” at “to” at determiners tulad ng “the” sa cluster na ito. Ginagamit ang “in” kapag may inilalarawan na bagay na nasa loob ng tiyak na lugar (Encyclopedia Britannica, 2023). Bukod pa rito, malimit makita ang salitang ‘now’ sa texts subalit bihira itong makita sa lehitimong texts. Isang pang-abay ang ‘now’ na ginagamit kapag tinutukoy ang kasalukuyan o lalong madaling panahon. Sumasang-ayon ang dalas ng paggamit ng “now” sa scam texts sa resulta ng pananaliksik nina Fischer et al. (2013) at Naksawat et al. (2016) na nagsasaad na madalas na naglalahad ang mga scammers ng mga pahayag na pinapadali ang kanilang biktimang aksyunan ang mga inuutos o inaalok nito, tulad ng pahayag na “Please... quickly help me” o “Click now to win”.

Mula sa tatlongpu’t walong pangungusap (38) sa sampung scam texts, pinakagamit ang imperative (pautos/pakiusap) na sentence type na may bilang na labingwalo (18) habang labindalawa (12) ang exclamatory (padamdang), at walo (8) ang declarative (pasalaysay). Magkatulad ito sa resulta ng lehitimong texts kung saan imperative din ang karaniwang sentence type na ginamit. Naaayon ito sa resulta ng pananaliksik nina Fischer et al. (2013) na naglahad na kadalasang may inuutos ang mga scammers sa pinapadala nilang texts upang tuluyan nang mahulog sa panloloko ang biktima sakaling sundin nila ang mga utos nito.

Sa sentence structure naman, hindi sinali ang isang (1) interjection, kaya mula sa tatlongpu’t pitong (37) pangungusap, labindalawa (12) ang simple (payak), lima (5) ang compound (tambalan), lima (5) rin ang complex (hugnayan), at pinakamarami ang labingapat (14) na fragment o hindi buong pangungusap na walang subject (simuno) o verb (pandiwa). Kumpara sa pinakagamit na sentence structure sa lehitimong texts na complex, simple ang uri ng pangungusap na madalas makita sa scam texts na natanggap ng mga mag-aaral. Naaayon ang resultang ito sa resulta ng pananaliksik nina Mbaziira & Jones (2016) kung saan sinabi nilang hindi komplikado ang pangungusap na ginagamit ng mga scammers sa texts na pinapadala upang mas maintindihan ito ng kanilang mga biktima.

### ***Propesyonal***

Mula sa nakuhang scam texts sa mga propesyonal, nasa labing-anim (16) hanggang apatnapu’t apat (44) ang bilang ng salita sa bawat text, at 24.7 ang nakuhang mean word count. Kung ihahambing ito sa mean word count ng texts na mula sa mga lehitimong ahensya, mas kaunti ang bilang ng mga salita sa scam texts na pinapadala ng

mga scammers sa mga propesyonal. Sumasang-ayon din ito sa resulta ng pananaliksik nina Mbaziira & Jones (2016) na isa sa mga teknik ng scammers ang pagpapadala ng maikling texts.

Mayroong pitong pinakagamit na salita sa scam text messages na pinadala sa mga respondenteng propesyonal : “and”, “to”, “your”, “as”, “get”, “on”, at “in”. Katulad sa pagsusuri ng word frequency ng lehitimong texts at texts mula sa mga mag-aaral, prepositions (pang-ukol), conjunctions (pang-ugnay), at pronouns (panghalip) ang kadalasang ginamit sa mga scam text na nakuha sa cluster na ito. Bukod dito, malimit makita ang salitang “get” sa scam texts na mula sa mga propesyonal. Isang pandiwa ang salitang “get” para magpahiwatig ng pagkuha, pagtanggap, at pagbili ng mga tiyak na bagay. Sumasang-ayon ito sa resulta ng pananaliksik nina Fischer et al. (2013) na inilahad na madalas may pinapapagawa ang mga scammers sa kanilang binibiktima.

Mula sa dalawampu’t limang (25) pangungusap sa texts na nakuha, labing-walo (18) ang mga imperative (pautos/pakiusap), lima (5) ang declarative (pasalaysay), at dalawa (2) lamang ang exclamatory (padamdang). Katulad ng pagsusuri sa sentence type ng lehitimong texts, imperative din ang uri ng pangungusap na pinakagamit sa texts sa ilalim ng cluster na ito.

Sa sentence structure naman, hindi sinali ang isang (1) pangungusap na interjection, kaya mula sa dalawampu’t apat (24) na pangungusap, complex at simple na pangungusap ang pinakagamit kung saan magkapareho sila ng bilang na walo (8). Maaaring ginagaya ng mga scammers ang estruktura ng texts ng mga lehitimong ahensiya upang mas magmakuhang kapani-paniwala ang mga ito. Sinusundan ito ng compound na pangungusap na anim (6) ang bilang habang dalawa (2) lamang ang bilang ng fragment o hindi buong pangungusap na walang subject (simuno) o verb (pandiwa).

### **Negosyante**

Pito (7) hanggang dalawampu’t apat (24) ang bilang ng salita sa scam texts na nakuha mula sa mga negosyante at labinpito (17) ang mean word count ng sampung texts. Pinakamababa ito sa apat na clusters sa pag-aaral at nalalayo ito sa pinakamataas na mean word count na 40.2. Magkatulad ito sa iba pang cluster ng scam texts na pinag-aralan sa pananaliksik na maikli lamang upang makaligtaan ng biktima ang mensahe nito at hindi mapagtantong scam ito (Mbaziira & Jones, 2016). Pinupuntirya ng scammers ang mga biktimang naloloko ng mga simpleng metodo gamit ang maikling texts na kadalasang hindi nagbibigay ng buong detalye. Madaling isinasawalang-bahala ang texts kaya naman may maikling oras lamang ang scammers upang mang-akit at manghikayat gamit ang mga salita.


Bukod sa ‘to’, ‘up’, at ‘for’ na prepositions na mataas ang bilang sa word frequency ng clusters, malimit din makita ang mga salitang ‘free’ at ‘bonus’ sa scam texts na mula sa mga negosyante. Inilalahad ng mga salitang ito na may benepisyong maaaring makuha, pera man o ibang anyo ng incentive, kapag sinunod ang nakasaad sa texts tulad ng pagpindot ng links na nakapaloob dito. Masasabing usapang pinansyal ang nilalaman ng

texts dahil sa mga salitang ito. Ayon kina Fischer et al. (2013), nahuhulog ang tao sa pangako ng incentives; positibo ang reaksiyon ng publiko kapag pera na ang pinag-uusapan sapagkat nabibili nito ang mga pangangailangan at nais ng isang indibidwal.

Sa sentence type naman, labing-isa (11) ang imperative, anim (6) ang declarative, lima (5) ang exclamatory, at dalawa (2) ang interrogative sa dalawampu't apat (24) na pangungusap sa cluster na ito. Imperative pa rin ang nangungunang sentence type sa scam texts dito tulad ng ibang clusters. Tugma ito sa nilalahad ng pananaliksik nina Mbaziir at Jones (2016) na inuudyok ng scammers ang kanilang biktima na gawin ang kanilang sinasabi sa pamamagitan ng pagsasaayos ng kanilang texts sa pautos o pakiusap na paraan.

### **Paghahambing ng Estrukturang Panggramatika ng Bawat Cluster**

Magkasintulad ang estrukturang panggramatika ng tatlong clusters ng scam texts batay sa ginawang pagsusuri rito. Una, labinpito (17) hanggang dalawampu't lima (25.3) ang mean word count ng bawat cluster ng scam texts. Magkalapit lamang ang means ng cluster ng mag-aaral (25.3) at propesyonal (24.7) habang pinakamaikli sa apat na clusters ang texts mula sa mga negosyante (17). Gayunpaman, maikli lamang ang lahat ng cluster ng scam texts kung ihahambing ito 40.2 na mean word count ng lehitimong texts. Naaayon ito sa pananaliksik nina Mbaziir at Jones (2016) na maikli at simple lamang ang text messages upang hindi agarang mabuking.



Figyur 1. Mean word count ng lahat ng cluster

Bukod sa prepositions, determiners, at conjunctions, madalas makita ang salitang “now” sa texts mula sa mga mag-aaral, ang salitang “get” sa propesyonal, at ang mga salitang “bonus” at “free” sa negosyante. Tugma ito resulta ng pananaliksik nina Fischer et al. (2013) na nagsasaad na inuudyok ng mga scammers ang kanilang mga biktima na aksyunan ang texts sa pamamagitan ng pakikiusap o pag-uutos. Dagdag pa, ginagamit ang mga salitang ito upang ipahiwatig na mayroong incentive kapag sinunod ang sinasaad sa texts.

Sa kabuuan, imperative ang kadalasang gamit na sentence type sa lahat ng clusters; sinundan ito ng exclamatory at declarative. Ginamit ang mga sentence type na ito upang magsaad ng mga pahayag na nanghihikayat sa mambabasa na tugunan o sundin ang sinasaad sa texts.

Magkatulad ang lehitimong texts, texts mula sa mga propesyonal, at mula sa mga negosyante na pinakamarami ang bilang ng complex sentences. Sinundan ito ng simple sentences na madalas makita sa lahat ng cluster; simple rin ang nangungunang sentence type sa cluster ng mga mag-aaral. Taliwas ito sa ulat ng pananaliksik nina Mbaziir at Jones (2016) na kadalasang simple ang mga pangungusap sa scam texts. Buhat ito marahil ng pabago-bagong trends ng panahon at patuloy na pag-unlad ng mga proseso at teknik sa mundo. Kaakibat nito ang paglinang ng scammers sa kanilang mga paraan ng pagsasagawa ng scams. Patunay ang salungat na resultang ito sa unti-unting pagiging komplikado ng scams.

Subalit naiiba ang ayos ng lehitimong texts sa scam texts sapagkat madaming fragments o hindi buong pangungusap sa scam texts maliban sa texts mula sa mga propesyonal na dalawa lamang ang fragments; walang subject o verb ang mga pangungusap dito kaya hindi ito matuturing na buo. Kaya naman hindi nasusunod ng scam texts ang pangunahing estruktura ng pangungusap na subject-verb-object o iba pa mang wastong ayos ng pangungusap.

Dagdag pa, kakikitaan ng madaming phising at broken links ang scam texts habang gumagana naman ang links ng lehitimong texts. Magkatulad ang links na mga ito kung saan maaaring sa numero lang sa web address o URL magkaiba (“jackpot777”, “jackpot888”).

Masasabi hindi pormal ang dating ng scam texts na mga ito dahil sa mga kamalian nito sa sintaks. Bukod sa gramatika at estruktura nito, mali rin ang pagbaybay sa mga salitang nakapaloob rito kung saan pinapalitan ng simbolo ang mga letra (Norton Life Lock, 2023). Nagiging kaduda-duda ang awtentisidad nito dahil nagmumukha itong impormal at hindi propesyonal; masasabing scam ang mga ito sapagkat walang rason ang nagpadala ng text na palitan ng simbolo ang mga letra kung lehitimo sila at may tunay na pakay.

### ***Kamalian sa Estrukturang Panggramatika ng Scam Texts***

Sa apatnapung (40) texts na nakuha mula sa mga respondente, unang tinukoy ang mga karaniwang pagkakamali sa strukturang panggramatika nito. Kalimitang kakikitaan ng pagkakamali ang scam texts habang wala o maliit ang bilang ng kamalian sa lehitimong texts. Sa kabuuan, hindi wasto ang baybay, kapitalisasyon, bantas, komposisyon ng pangungusap, at nakapaloob na links ng scam texts.

### **Pagpapalit ng Simbolo sa Titik**

Una, mali ang baybay ng mga salita o sadyang pinapalitan ang mga letra ng simbolo tulad ng paggamit ng ‘\$’ sa halip na ‘s’ at ‘@’ sa halip na ‘a’. Makikita sa scam text sa ibaba kung paano sila ginamit.

Maling paggamit: The[-Big-gest-] PH [-On-line-] [-G@me's-]with-24/7-**C@s'h**-In/Out  
http://phoneline.xyz/ecl 300[-G.E\$T-]300, 3k[-G,E.T-]3k

Tamang paggamit: The package **1L2T-G59N-64PY** is out for delivery today. Please prepare cash payment of P363. You can reach your ka-GGX rider at 09567388727.

Kung ihahambing ang dalawang **texts**, makikitang pinalitan ang mga letra ng simbolo sa una samantalang maayos ang porma ng mga salita sa ikalawa. Gumamit lamang ng paghahalo ng mga letra at numero sa ikalawang halimbawa sa delivery code na kadalasang gamit sa reference numbers ng mga transaksyon.

### **Kapitalisasyon sa Texts**

Pangalawa sa mga naitukoy na pagkakamali sa estrukturang panggramatika, sinimulan sa malaking titik ang mga common noun (pangngalang pambalana) o malaking titik ang ginamit sa lahat o ilan sa mga titik ng isang salita. Makikita sa ibaba ang isang scam text na may ganitong pagkakamali sa estrukturang panggramatika. Katulad sa naunang scam text na halimbawa, makikita rin ang pagkakamali sa salitang “cash” kung saan malaki ang una at huling titik nito.

Maling paggamit: jFIFA World Cup Qatar 2022 ! Live **Stream Soccer Games AND WiN BIG CasH!** Register Now **FREE 178 BONUS. ONLY AT** cod22.cc

Tamang paggamit: Avoid the fees & settle bills online! Activate **GCash** to **Cash In, Send Money, Pay Bills**, & more to do more with your phone. Go to your GCash dashboard to start!

### **Paggamit ng mga Bantas**

Pangatlo sa mga naitukoy na pagkakamali sa estrukturang panggramatika, mali-mali ang paggamit ng mga bantas sa texts; kadalasang mayroong tuldok sa pagitan ng huling salita ng isang pangungusap at unang salita ng kasunod nito (‘...lahat.Kadalasan’), sumobra sa space (‘...ng lahat , ’), o sumobra sa mismong bantas (‘...lahat!!!!?!.’). Makikita sa ibaba ang isang scam text na may ganitong pagkakamali.

Maling paggamit: Your Cashbee loan is waiting for you! Download now for instant approval: cashbee.ph/app/cnid ,**search** CASHBEE in google/IOS.  
**(unsubscribe send U to9674730443)**



Tamang paggamit: Awesome! You've received PHP 10 for logging in to your PayMaya account! Log in everyday and make sure to **buy load or gaming pins, pay a bill, or send money** for a chance to win PHP100,000! Visit [www.paymaya.com/deals](http://www.paymaya.com/deals) for more details!

### **Putol at Hindi Gumaganang Links**

Pang-apat, putol at hindi gumagana ang links na nakapaloob sa texts. Makikita ang nasabing pagkakamali sa scam text na nasa ibaba.

Maling paggamit: Happy Day! Get P800 Free P800 For You!! Only For You!!! Please Enter On Google: **o o 6 3 p o. com**

Tamang paggamit: Go on a date without breaking the budget! 500MB data for 1 day plus P20 GCash Pay QR vouchers for only 5 Rewards points! Redeem this offer via [glbe.co/GLBOne](http://glbe.co/GLBOne). You have 10 point/s as of Feb. 9, 2023. Points earned in 2022 will expire on March 31, 2023.

### **Komposisyon ng mga Pangungusap**

Panlima at higit sa lahat, hindi buo ang mga pangungusap ng texts kaya kalimitang hindi naiintindihan ang konteksto nito; walang simuno o panaguri ang ilan sa mga ito. Sa halip, kadalasan itong kakikitaan ng mga di-malayang sugnay. Dagdag pa, hindi matukoy ang pagtatapos ng ideya sa ilang pangungusap sapagkat wala itong bantas. Mayroon ding mga pangungusap na hindi buo ang ideya sapagkat walang kaugnayan ang mga salitang nilalaman nito.

Maling ayos: MyBitGlobal is giving away 10,000 USDT for every registered user!!!Google play or App store search for mybitglobal to download apps

Tamang ayos: Want a Boracay getaway? Join Globe Prepaid's GoDEALS Raffle for a chance to win a trip for 2 to paradise! Register to Go+ or other eligible promos to get raffle entries. Promo period is from January 25 until March 31, 2023. Draw date on April 12, 2023. Visit <https://glbe.co/GoDEALSFAQs> for more details. No advisories? Text OFF to 2686 for free.

Karaniwang subject (simuno, tao/bagay/lugar na gumagawa ng aksyon) + verb (pandiwa, ang aksyon na ginagawa) + direct object (salita o pariralang tumatanggap sa aksyon) ang ayos ng mga pangungusap; maaari ring sinusundan ito ng prepositional phrase (pariralang nagsisimula sa preposition, mga 'in', 'on', 'at', 'for'). Ito ang wastong estrukturang panggramatika ng mga pangungusap subalit hindi ito ang sinusunod na ayos ng karamihan sa texts na nakalap sa pag-aaral. Diretso sa direct object o adjective at

sinusundan ng verb ang ilan sa mga ito. Mali rin ang pagkakagamit sapagkat kadalasang walang kaugnayan ang verb sa direct object o adjective. Dagdag pa, mahirap intindihin ang kabuuang ideya ng teksto kahit na tinapos ang bawat pangungusap gamit ang mga bantas. Hindi buo ang ideya ng mga ito sapagkat hindi ito ayon sa tamang ayos ng mga pangungusap kaya tila magkakaugnay na mga sugnay lamang ang mga ito na walang pangunahing ideya. Sa **lehitimong text**, maayos na naipahayag ang mga ideya sa text sapagkat hiniwalay nang maayos ang mga pangungusap at sugnay gamit ang mga angkop na bantas at may kaugnayan sa isa't isa ang mga inilahad nitong ideya gamit ang mga pangungusap.

### ***Paraan ng Panghihikayat sa Scam Text Messages batay sa Estrukturang Panggramatika nito***

Mahalalintulad ang konteksto ng scam texts sa lehitimong texts sapagkat parehong pera ang paksa nito, tulad ng pag-alok ng bonus, freebies, promos, at loans sa ilalim ng pangalan ng isang lehitimong kompanya. Subalit malaki ang pinagkaiba ng lehitimo at scam texts. Nahahalata na scam ang texts na pinag-aralan batay sa mga alok ng napakalaking halaga ng pera at hindi tiyak na sender ID nito; umaabot ng libo-libo hanggang milyon-milyong pera ang isinasaad na halaga rito, isang bagay na agarang pinagdududahan ng karamihan sapagkat hindi kapani-paniwalang pagkakakitaan ng milyon-milyon ang simpleng pagpindot ng link. Samantalang may tunay na pakay ang lehitimong texts tulad ng alok ng load at iba pang serbisyo ng kompanya. Madalas gayahin ng scammers ang mga lehitimong kompanyang ito upang mambiktima ng taong nag-aakalang empleyado sila ng nasabing kompanya. Ilan lamang sa mga lehitimong kompanyang nabanggit sa scam texts na nakolekta ang GCash, Netflix, Tiffany & Co., at Jackpot City na kilalang taga-pamahala ng pera ng mga kliyente nila at nag-aalok din ng marangya at premium na produkto. Naaayon ito sa isa sa mga teknik ng scammers na inilahad nina Fischer et al. (2013) kung saan ineengganyo ang mga biktima sa pamamagitan ng pagbanggit ng malalaking halaga ng pera at mga nakakamanghang alok ng discounts, freebies, at promos. Patunay nito ang madalas na pagkamali sa pagbaybay ng mga salitang nauugnay sa pera, katulad na lamang ng “c@sh”, “CÀSH”, at “CasH”. Pinapatibay nito ang palagay na sinasadya ng scammers na lagyan ng mga simbolo ang texts na pinapadala upang hindi maharang ng mga built-in filters.

May mga nakitang teknik din sa nakuhang scam texts ang naaayon sa ilan sa pitong uri ng scams na naiulat sa pananaliksik nina Stabek, Watterscams, Watters, at Layton (2010). Una, nangako ang karamihan sa scam texts ng investment deals na sinasabing may maliit o walang deposit na opsyon sa mga ito subalit walang isinaad na detalye sa texts na mga ito at hindi tinukoy kung anong partikular na investment ito. Tugma ito sa ikapitong uri ng scam kung saan nilalayon ng mga scammers na makakuha ng pera at maging personal na impormasyon sa pamamagitan ng marketing at pag-alok ng false investments. Ikalawa, karaniwang nasusundan ito ng mga phishing links na automated at may site na pinupuntahan kapag pinindot kaya nagmumukhang pormal at propesyonal ang scam text na ganito; naaayon ito sa ikalimang uri ng scam kung saan nagpapanggap ang scammers na may tunay at legal silang pakay. Mayroon ding mga

scam texts na naglalaman ng mga email address kaya mas nagiging seryoso at propesyonal ang dating nito. Lahat ng clusters ng repondente ang nakatanggap ng scam text na may phishing link; naaayon ito sa resulta ng pananaliksik nina Schaper at Weber (2012) at Easwaramoorthy (2017) kung saan inulat nilang nakatanggap ng texts na may phishing links ang mga negosyante at mag-aaral.

Ikatlo, may mga scam texts din na humihingi ng pera sa pamamagitan ng pagbanggit ng mga social services at relief funds, katulad ng cash support para sa mga senior citizens. Naaangkop ito sa ikalawang uri ng scam kung saan kinukuha ng scammers ang simpatiya ng biktima gamit ang mga charity o donation service. Isa pang paraan ng panghihikayat na naobserbahan sa nakuhang scam texts at naaayon sa pananaliksik nina Naksawat et. al (2016) at Fischer et al. (2013) ang pagbibigay ng tiyak o limitadong oras para tanggapin ang mga alok. “Contact me as soon as possible” at “hurry up and visit...” ang ilan sa mga pahayag na kakikitaan ng teknik na ito.

## **DISKUSYON**

### ***Estrukturang Panggramatika ng Lehitimong Texts***

Gayunpaman, kakikitaan ang lehitimong texts ng kaunting kamalian: walang bantas sa hulihan, pagdodoble ng space pagkatapos ng salita, at hindi paglalagay ng kuwit pagkatapos ng isang independent clause (makapag-iisang sungay) na sinundan ng conjunction (pangatnig) at isa pang independent clause (makapag-iisang sungay). Matuturing na typo ang naunang dalawang kamalian kung saan maaaring nakaligtaan lamang ito ng manunulat ng texts habang kamalian sa gramatika naman ang huli. Subalit, isa itong hindi makabuluhang pagkakamali sa estrukturang panggramatika kung saan maaaring sadyang lingid sa kaalaman ng manunulat ang ganitong patakaran ng gramatika. Bihira pa rin itong kakikitaan ng kamalian sa estrukturang panggramatika sapagkat mga propesyonal na matatas sa wikang Ingles ang nagsusulat ng texts na pinapadala ng mga ahensyang ito; sinisigurado nilang wasto ang estrukturang panggramatika ng kanilang texts upang maipahiwatig ang kanilang mensahe nang maayos at malinaw.

### ***Estrukturang Panggramatika ng Scam Text Messages***

#### ***Mag-aaral sa Sekondaryang Paaralan***

Sa sentence pattern naman, fragment ang karamihan sa mga pangungusap; walang itong subject (simuno) o verb (pandiwa) kaya hindi nito nasusunod ang pangunahing estruktura ng pangungusap sa wikang Ingles na SVO. Naobserbahan sa mga texts na hindi sinusundan ng verb ang mga subject habang hindi naman sinusundan ng direct object ang verbs. Dahil dito, hindi naiintindihan ang konteksto at mensahe ng texts sapagkat hindi nag-uugnay ang mga ideyang nakasaad dito. Nagiging iba’t ibang sugnay na lamang ang mga ito na walang pangunahing ideya kaya hindi ito nagmumukhang

pormal at wasto. Maliban sa mga ito, makikita ring malimit ang paggamit ng mga adjective (pang-uri), adverb (pang-abay), at iba pang modifiers sa scam texts sa cluster na ito. Alinsunod ito sa resulta ng pananaliksik nina Mbaziira & Jones (2016) kung saan isinaad nila na madalas ang paggamit ng scammers ng ganitong bahagi ng pananalita upang mas mailarawan at magmukhang kaakit-akit ang kanilang inaalok.

### ***Propesyonal***

Kaunti lamang ang fragment sa cluster na ito; sumusunod sa pangunahing estruktura ng pangungusap sa wikang Ingles na subject-verb-object (SVO) ang halos lahat ng pangungusap. May kamalian man sa gramatika at sintaks, masasabing maraming pangungusap ang sumusunod sa wastong estruktura ng pangungusap sa cluster na ito. Marahil ang kamalayan ng mga propesyonal sa mga patakaran ng estrukturang panggramatika ang dahilan kaya iniwasan ng mga scammers na sadyang lagyan ng pagkakamali ang texts na pinapadala sa kanila.

### ***Negosyante***

Fragments ang karamihan sa mga pangungusap ito na may bilang na walo (8) habang lima (5) ang simple, lima (5) ang complex, dalawa (2) ang compound, at dalawa (2) rin ang compound-complex. Tulad ng naunang dalawang cluster ng scam texts, hindi rin kakikitaan ng subject, verb, at direct object ang karamihan sa pangungusap nito. Kapag wala ang isa o lahat ng ito, tinuturing fragment ang pangungusap kaya hindi nito nasusunod ang pangunahing estruktura ng pangungusap na subject-verb-object (SVO) o iba pang estruktura ng pangungusap. Hindi na matuturing buo ang pangungusap dahil sa kakulangan na ito at kadalasang hindi naiintindihan ang nilalaman o mensahe sapagkat walang tinataglay na pangunahing ideya ang fragments na mga ito.

### ***Paghahambing ng Estrukturang Panggramatika ng Bawat Cluster***

Samakatuwid, malimit kakikitaan ng kamalian ang scam texts at kadalasang hindi naiintindihan ang konteksto at mensahe ng teksto sapagkat hindi buo ang mga pangungusap nito at walang pangunahing ideya. Nalalayo ito sa estrukturang panggramatika ng texts mula sa mga lehitimong ahensya na wasto, at angkop ang mga salita at sugnay na bumubuo sa ideya ng pangungusap. Bagama't may kamalian ang lehitimong texts tulad ng hindi paglalagay ng bantas, maituturing na hindi makabuluhan ang mga kamaliang ito sapagkat malinaw pa ring naiintindihan ang mensahe ng teksto. Samantala, hindi mapasusubaliang mali ang estrukturang panggramatika ng scam texts sapagkat hindi nito napaparating nang maayos at malinaw ang mensahe at ideya ng mga pangungusap dahil sa mga kamalian nito sa gramatika, sintaks, baybay, at bantas.

### ***Kamalian sa Estrukturang Panggramatika ng Scam Texts***

Umaayon sa baybay ng salita ang kahulugan at gamit nito sa isang pangungusap o teksto. Nagbabago ang kahulugan at mensahe ng isang teksto kapag mali-mali ang pagbaybay ng mga salitang nakapaloob dito (Tavárez et al., 2021). Karaniwang sinasadya

ito ng scammers upang hindi mahuli ng spam filters – isang built-in algorithm na humaharang ng dumarating na texts na naglalaman ng mga partikular na salita (Fortinet, 2023). Subalit, naiintindihan pa rin ang mensahe ng text sapagkat napapalitan ang mga letra ng mga simbolong kamukha nito. Ilan sa mga nakolektang scam texts na kakitaan ng ganitong pagkakamali; naglalaman ang mga ito ng salitang “cash” kapag binabaybay nang wasto.

### **Kapitalisasyon sa Texts**

Batay sa pamantayan at patakaran ng wikang Ingles, ang mga unang salita sa pangungusap at mga proper noun (o pangngalang pantangi) lamang ang dapat sinisimulan sa malaking titik. Mayroong tinutukoy na tiyak na tao, bagay, o pangyayari ang isang pangungusap kung sakaling naglalaman ito ng proper noun (Caulfield, 2022). Sa lehitimong **text**, nasa porma ng proper noun ang “GCash”, “Cash In”, “Send Money”, at “Pay Bills” sapagkat tumutukoy ang mga ito sa isang partikular na software application at mga built-in functions o termino na makikita lamang dito. Karaniwang ginagamit ito bilang subject (simuno) o object sa isang pangungusap na nasa wikang Ingles. Dagdag pa, nasa ayos na subject-verb-object (SVO) ang pangunahing batayan ng estruktura ng pangungusap o sugnay sa wikang Ingles (Nordquist, 2019). Kaya naman, masasabing may pagkakamali sa estrukturang panggramatika ang isang teksto kapag kahit anong salita na lamang dito ang nagiging proper noun at subject o object ng pangungusap. Maaaring ginagawa din ito ng mga scammers upang maiwasang mahuli ng mga spam filters.

### **Paggamit ng mga Bantas**

Nag-iiba ang kahulugan ng isang teksto at ang gamit ng mga salita sa isang pangungusap batay sa posisyon ng mga bantas na mayroon ito. May tuntunin sa paggamit ng mga bantas na kinakailangang sundin upang maayos na mailahad ang mensahe ng teksto. Makikita sa scam text sa halimbawa na hindi ginamit nang maayos ang kuwit sa “,search CASHBEE” at ang panaklong na nilalaman ang “unsubscribe send U to9674730443”. Sa pamantayan ng wikang Ingles, ginagamit ang kuwit upang maihiwalay ang dalawang sugnay o salita na may sariling kahulugan ngunit may magkaugnay na ideya. Kinakailangang mayroong space sa pagitan ng kuwit na nakadikit sa naunang salita at sa susunod na salita upang ipahiwatig na mayroong sandaling pagtigil o pause sa loob ng pangungusap (South African Council for English Education, 2015). Sa lehitimong **text** makikita kung paano ginamit ang kuwit sa pagtala ng magkaugnay na impormasyon. Sa paggamit naman ng panaklong, kapag bahagi ng isang pangunahing pangungusap ang tekstong nilalaman nito, dapat ilagay ang mga bantas matapos ang huling panaklong. Kapag isang malayang sugnay o pangungusap na may sariling ideya ang tekstong nilalaman nito, maaari itong lagyan ng bantas sa loob ng panaklong. Makikita sa scam text sa itaas ang pagkakamali sa paggamit ng panaklong sapagkat wala itong pangunahing pangungusap at wala rin ito sa porma ng isang malayang sugnay o pangungusap (The University of Texas at San Antonio, n.d.).

### ***Putol at Hindi Gumaganang Links***

Gumagana lamang ang isang link kapag kulay asul ang teksto nito sa halip na itim at may salungguhit sa ilalim nito. Samantalang putol at hindi gagana kapag pinindot ang link sa **scam text** sapagkat may space sa bawat letra at numero na bumubuo rito. Mayroon ding space matapos ang tuldok na dapat karugtong ng “com”, na makikita rin sa ibang scam texts na nakolekta. Samantala, tama ang porma at paggamit ng mga tuldok sa link sa **lehitimong text** sapagkat makikitang gumagana ang link at maayos ang pagbuo ng pangungusap. Muli, maaaring ginagawa din ito ng mga scammers upang maiwasang mahuli ng mga spam filters. Naglalagay ng ganitong links o phishing links ang mga scammers upang kunin ang personal na impormasyon ng kanilang mga biktima (Check Point Software, 2022).

### ***Komposisyon ng mga Pangungusap***

Batay sa mga nakitang kamalian sa estrukturang panggramatika ng texts, masasabing nalalayo ang komposisyon ng lehitimong texts sa scam texts. Naglalaman ng higit sa isang kamalian ang bawat scam text na nakalap samantalang walang kamalian ang karamihan sa lehitimong texts. Bihirang kakikitaan ng kamalian ang lehitimong texts sapagkat mayroon silang tunay na pakay sa mga pinapadalhan nila ng texts. Upang ipahiwatig nang malinaw ang kanilang mensahe, tinitiyak ng mga kilala at respetadong ahensyang ito na wasto ang estrukturang panggramatika ng kanilang texts. Samantalang sinasadya ng scammers na gawing mali ang estrukturang panggramatika ng scam texts upang hindi mahuli ng spam filters o malito ang kanilang mga biktima. Maaari ring hindi kabisado ng scammers ang mga pamantayan at patakaran ng wikang Ingles kaya malimit na kakikitaan ng kamalian ang pinapadala nilang scam texts.

### ***Paraan ng Panghihikayat sa Scam Text Messages batay sa Estrukturang Panggramatika nito***

Natuklasan sa pag-aaral na karamihan sa mga scam texts na nakuha ang nagpapahiwatig na madali lamang gawin at tapusin ang kanilang inuutos upang makuha ang inaalok na promo, bonus, freebies, loans, at iba pa. Gumamit sila ng mga salita katulad ng “fast”, “easy”, at “instant” upang himukin ang mga biktimang asikasuhin ang transaksyon sa lalong madaling panahon.

## **KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON**

Batay sa resulta ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na kongklusyon. Una, wasto ang kabuuang estrukturang panggramatika ng texts mula sa lehitimong ahensya. Nalalayo ito sa ginawang pagsuri sa estrukturang panggramatika ng scam texts. Bagaman may kaunting kamalian sa gramatika nito, maituturing itong hindi makabuluhan at maaaring dulot lamang ng kakulangan sa kaalaman ng manunulat ng text sa partikular na patakaran ng gramatika sa wikang Ingles. Ikalawa, mali-mali ang estrukturang panggramatika ng scam messages. Pagpapalit ng simbolo sa titik, kapitalisasyon,

paggamit ng bantas, putol at hindi gumaganang links, at komposisyon ng mga pangungusap ang mga kamaliang natuklasan sa nakalap na datos.

Ikatlo, hindi makabuluhan ang kaibahan sa estrukturang panggramatika ng scam text messages na natatanggap ng mga mag-aaral, propesyonal, at negosyante. Gayunpaman, may mga palatandaan na scam ang mga ito at maaari itong matukoy batay sa estrukturang panggramatika nito. Masasabing walang pinipiling partikular na pangkat ng lipunan ang scam texts sapagkat magkatulad ang nilalaman at konteksto ng scam texts mula sa tatlong cluster. Ikaapat, isinasagawa ang scam texts upang may mahitang pera, materyal na kagamitan, o impormasyon. Nanghihikayat ang scam text messages sa pamamagitan ng pagbanggit ng (1) malaking halaga ng pera, (2) discounts, freebies, at promos, at (3) phishing links at mga email address. Nanlilinlang ito sa pamamagitan ng pagkuha ng simpatiya gamit ng charity o donation services at nang-uudyok ito na tanggapin ang inaalok sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang pinapamadali ang transaksyon.

Kaugnay ng mga kongklusyong nabuo mula sa resulta ng pag-aaral, pinapayo ng mga mananaliksik na lawakan ang saklaw ng pananaliksik; pag-aralan ang ibang cluster ng mamamayan at lakihan ang sample size upang makabuo ng mas komprehensibong pag-aanalisa. Ilang taon matapos ang pag-aaral na ito, maaaring magsagawa ng katulad ng kasalukuyang pag-aaral upang maobserbahan ang pagbabago ng estrukturang panggramatika ng scam texts maging ang mga teknik na ginagamit dito.

## **IMPLICATIONS**

Malaki ang implikasyon ng pag-aaral na ito sa larangan ng linggwistika sa likod ng scam texts. Hindi pa lubusang napag-aaralan ang estrukturang panggramatika ng scam texts sa kabila ng pagiging palatandaan nito ng scam kaya naman makabuluhang karagdagan ang papel-pananaliksik na ito sa umiiral na mga pag-aaral. Bukod sa paghahayag ng resulta mula sa napapanahong datos na kinakailangan sa pagsugpo ng pabago-bagong trends ng scams, maaari ring maging batayan ang pag-aaral sa pagtukoy ng scams o maging hakbang tungo rito. Higit sa lahat. hngad ng pananaliksik na maging gabay sa susunod pang mga pag-aaral sa estrukturang panggramatika ng scam text messages.

## **ACKNOWLEDGEMENT**

Nagpapasalamat sa pamunuan ng Philippine Science High School Southern Mindanao Campus sa pagsuporta sa pananaliksik na ito.

## **FUNDING**

Ang kaugnayan ng may-akda ay bahaging ambag sa pananaliksik na ito.

## DECLARATIONS

### *Conflict of Interest*

All authors declared that they have no conflicts of interest.

### *Informed Consent*

All participants were appropriately informed and voluntarily agreed to the terms with full consent before taking part in the conduct of the experiment.

### *Ethics Approval*

Hindi angkop dahil ang mga datos ay pampubliko.

## REFERENCES

- Caulfield, J. (2022, August 18). What Is a Proper Noun? | Definition & Examples. Scribbr. <https://www.scribbr.com/nouns-and-pronouns/proper-nouns/#:~:text=about%20proper%20nouns-,Proper%20nouns%20vs.%20common%20nouns,people%2C%20things%2C%20and%20places.>
- Check Point Software. (2022, February 8). What is URL Phishing? <https://www.checkpoint.com/cyber-hub/threat-prevention/what-is-phishing/what-is-url-phishing/#:~:text=URL%20Phishing%20%2D%20A%20Malicious%20Website&text=The%20link%20to%20the%20site,and%20visiting%20the%20malicious%20site.>
- Chomsky, N. (1957). Syntactic structures. The Hague: Mouton. <https://books.google.com/books?id=U-QhDwAAQBAJ>
- Cutaran, J. (2022, September 8). Filipinos top the longest hours spent on their mobile phones. UNBOX PH. Retrieved October 25, 2022, from <https://unbox.ph/editorials/filipinos-top-the-longest-hours-spent-on-their-mobile-phones/>
- de Vera, B. O. (2022, January 18). P2 billion feared lost to scams, fraud – BSP. INQUIRER.net. Retrieved October 25, 2022, from <https://business.inquirer.net/338991/p2b-feared-lost-to-scams-fraud-bsp>
- Federal Trade Commission. (2020). COVID-19 scams. Retrieved from <https://www.ftc.gov/coronavirus/scams>
- Federal Trade Commission (2022, July). How to Recognize and Report Spam Text Messages. Retrieved December 16, 2022, from <https://consumer.ftc.gov/articles/how-recognize-and-report-spam-text-messages>



- Fischer, P., Lea, S. E., & Evans, K. M. (2013). Why do individuals respond to fraudulent scam communications and Lose Money? the psychological determinants of scam compliance. *Journal of Applied Social Psychology*, 43(10), 2060–2072. <https://doi.org/10.1111/jasp.12158>
- Forlini, G. (1990). *Grammar and composition*. Prentice-Hall.
- Fortinet. (2023). What is a Spam Filter & Spam Filtering? <https://www.fortinet.com/resources/cyberglossary/spam-filters>
- Kikerpill, K., & Siibak, A. (2021, August 12). Abusing the COVID-19 PAN(DEM)IC: 25: A perfect storm for online scam. Taylor & Francis. Retrieved October 25, 2022, from <https://www.taylorfrancis.com/chapters/edit/10.4324/9781003181705-25/abusing-covid-19-pan-dem-ic-kristjan-kikerpill-andra-siibak>
- Kniepmann, C. (2020, August 6). Fraud Triangle | Fraud Opportunity | St Louis CPA Firm. Anders CPA. <https://anderscpa.com/the-fraud-triangle-three-conditions-that-increase-the-risk-of-fraud/?tag=fvl>
- Mbaziira, A. & Jones, J. (2016). A Text-based Deception Detection Model for Cybercrime. [https://www.researchgate.net/publication/307594168\\_A\\_Text-based\\_Deception\\_Detection\\_Model\\_for\\_Cybercrime](https://www.researchgate.net/publication/307594168_A_Text-based_Deception_Detection_Model_for_Cybercrime)
- Naksawat, C., Akkakoson, S., & Loi, C. (2016). Persuasion Strategies: Use of Negative Forces in Scam E-mails. *GEMA Online Journal of Language Studies*, 16(1). <https://core.ac.uk/download/pdf/77967708.pdf>
- Nordquist, R. (2019, November 4). What is Basic Word Order in English? ThoughtCo. <https://www.thoughtco.com/subject-verb-object-1692011>
- Ojo, O. (2011). Nigerian letter scam: An insight into the psychological and socio-economic factors. *Journal of Business and Technical Communication*, 25(1), 3-26.
- Santoso, I. (2022). SHORT MESSAGE SERVICE SPAM detection using bert. *Big Data Management and Analysis for Cyber Physical Systems*, 37–45. [https://doi.org/10.1007/978-3-031-17548-0\\_4](https://doi.org/10.1007/978-3-031-17548-0_4)
- Scam Statistics | Scamwatch (n.d.) Australian Competition & Consumer Commission. Retrieved October 25, 2022, from <https://www.scamwatch.gov.au/scam-statistics?scamid=all&date=2019>
- Schaper, M. T., & Weber, P. (2012). Understanding Small Business Scams. *Journal of Enterprising Culture*, 20(03), 333–356. <https://doi.org/10.1142/s0218495812500148>
- Sentence fragments: Effective writing practices tutorial. Northern Illinois University. (n.d.). Retrieved March 29, 2023, from <https://www.niu.edu/writingtutorial/punctuation/sentence-fragments.shtml#:~:text=A%20sentence%20ofragment%20is%20a,be%20avoided%20with%20careful%20proofreading.>
- South African Council for English Education. (2015). A humorous look at how punctuation can change meaning. <https://sacee.org.za/wp-content/uploads/Additional-Punctuation-Practice.pdf>
- Stabek, A., Watters, P., & Layton, R. (2010). The Seven Scam Types: Mapping the Terrain of Cybercrime. 2010 Second Cybercrime and Trustworthy Computing Workshop. doi:10.1109/ctc.2010.14

- Taiwo, R. (2012). Discursive manipulation strategies in virtual scams in global contexts. *Computer-Mediated Communication across Cultures*, 143–154. <https://doi.org/10.4018/978-1-60960-833-0.ch010>
- Tausczik, Y. R., & Pennebaker, J. W. (2010). The Psychological Meaning of Words: LIWC and Computerized Text Analysis Methods. *Journal of Language and Social Psychology*, 29(1), 24–54. <https://doi.org/10.1177/0261927X09351676>
- Tavárez, P., Costa, D., Fransheska, R., & Arias, B. (2021). i A case Study on the Use of Spelling as a Determining Factor in Teaching English Grammar in Dominican Schools. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED610509.pdf>
- Telcos work closely with Gov't to clamp down scam texts (no date). Available at: <https://www.pna.gov.ph/articles/1183034> (Accessed: March 29, 2023).
- The University of North Carolina at Chapel Hill. (n.d.). The University of North Carolina at Chapel Hill, Amy Reynolds Understanding Prescriptive vs Descriptive Grammar Comments. Available at: <https://amyrey.web.unc.edu/classes/ling-101-online/tutorials/understanding-prescriptive-vs-descriptive-grammar/> (Accessed: January 18, 2023).
- The University of Texas at San Antonio. (n.d.). Parentheses | UTSA. <https://www.utsa.edu/twc/documents/Parentheses.pdf>
- Touro University. (2022). Formal and Informal Language. <https://www.touro.edu/departments/writing-center/tutorials/formal-vs-informal-language/>
- Yap, K. (2016, November 25). Text analysis using&nbsp;Excel. keithyap. Retrieved October 25, 2022, from <https://www.keithyap.com.au/text-analysis-using-excel/>

### **Author's Biography**

Sina Jucille Kate B. Delos Santos, Hilnea Beatriz A. Napoles, Denzelle Andre C. Lozada. Julian Marcus S. Ong, at Antoine Miguel D. Flores ay mga mag-aaral ng Philippine Science High School Southern Mindanao Campus.

Si Johnel Lumacao ay isang Special Science Teacher II at nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Philippine Science High School Southern Mindanao Campus at kasalukuyang tinatapos ang kanyang Doktor sa Pilosopiya sa Filipino.